MGA PRAKTIKAL NA ALITUNTUNIN PARA SA MGA PAMILYA TUNGKOL SA OBLIGADONG PAGPAPABAKUNA PARA SA SCHOOL YEAR 2017/2018

Ayon sa kautusang italyano n. 73 ng ika-7 ng Hunyo 2017 na binago ng mga susog ng batas na italyano n. 119 ng ika-31 ng Hulyo 2017, kung saan namagitan sa pagiging obligado at sa extension ng sakop ng bakuna, magiging sampu[1] (10) na ang bilang ng mga obligado at libreng bakuna para sa mga menor de edad mula 0 taon hanggang 16 na taon (16 na taon + 364 araw), kabilang ang mga banyagang menor de edad na nasa Italya na walang kasama at nasa kaparehong pangkat ng edad, batay sa mga partikular na indikasyon na nakapaloob sa pambansang kalendaryo ng bakuna na may bisa sa panahon ng kanyang taon ng kapanganakan, tulad ng nakasulat sa listahan sa ibaba:

- Bakuna laban sa Polio;
- Bakuna laban sa Dipterya
- Bakuna laban sa Tetano
- Bakuna laban sa Hepatitis B
- Bakuna laban sa Ubong-dalahit
- Bakuna laban sa *Haemophilus influenzae* type *B* (Hib vaccine)
- Bakuna laban sa Tigdas
- Bakuna laban sa Tigdas-Hangin
- Bakuna laban sa Beke
- Bakuna laban sa Bulutong (para sa ipinanganak mula ika-1 ng Enero 2017)

Ang batas na italyano 119/2017 ay nag-sasaad na ang menor de edad ay naka-sunod sa regulasyon kung siya ay isa mga sumusunod na kaso:

- Siya ay nabakunahan alinsunod sa pambansang kalendaryo ng pagpapabakuna ayon sa edad
- Siya ay exempted o hindi na kailangan bakunahan ng isa o higit pang mga bakuna dahil naranasan na niya ang o ang mga katumbas na sakit (*natural immunization*[2])
- Siya ay exempted o hindi maaaring bakunahan dahil sa pansamantala o permanenteng estado ng kalusugan
- Kahit hindi niya nakumpleto ang cycle ng pagpapabakuna, sinimulan na niya ang proseso ng pagbawi ng mga bakuna na mapapatunayan ng reservation sa sentro ng pagpapabakuna.

Upang mapadali ang mga proseso ng USR, ANCI at Aziende USL Toscane, pinirmahan nila ang isang kasunduan noong ika-24 ng agosto 2017 na nagtakda ng mga sumusunod na hakbang:

1) Ipapadala ng mga paaralan at sentrong pang-edukasyon sa mga nakatalagang ASL ng teritoryo ang listahan ng mga naka-enroll bago mag-ika 31 ng agosto 2017;
2) Isasagawa ng ASL ang mga karampatang beripikasyon o pag-check ng estado ng mga bakuna ng bawat mag-aaral at kokontakin ang mga pamilya, ang mga batang magri-resulta na hindi nakasunod sa regulasyon, upang sila ay makatanggap ng karampatang bakuna. (cfr Circolare n. 25233 del 16-8-2017 ng Kagawaran ng Kalusugan)
3) Sa sandaling magawa na ang mga nasabing hakbang, ipapaalam ng ASL sa mga paaralan at sentrong pang-edukasyon ang mga pangalan ng mga mag-aaral na hindi nakasunod sa regulasyon upang pag-desisyunan ang susunod na mga hakbang sa nasabing kaso.

Habang naghihintay ng resulta ng mga beripikasyon, ang attendance o pagpasok sa paaralan ng mga mag-aaral ay magpapatuloy ayon sa normal na nakasanayan.

1Sa pagiging batas ng kautusan ng gobyerno, hindi na obligado kundi masidhing inirerekomenda at dahil dito ay aktibo at libreng ibinibigay mula sa parte ng ASL ang mga bakuna laban sa Meningococcal C, Meningococcal B, Pneumococcal at Rotavirus.

2Para lamang sa Tigdas, Beke, Tigdas-Hangin at Hepatitis B na nagbibigay ng permanenteng kaligtasan mula sa sakit